# Tumulong sa Kapwa na Makatipid ng $4,000sa Gastusin sa De-Resetang Gamot

2012

## Paano ako makakatulong sa kapwa sa kanilang mga gastusin sa reseta?

Ngayon, maaari kang makatulong sa iyong kapwa na mag-apply para sa Karagdagang Tulong sa kanilang gastusin sa plano ng Medicare sa de-resetang gamot. Ang sinumang mayroong Medicare ay maaaring makakuha ng saklaw para sa de-resetang gamot ng Medicare. Ang ilang mga tao na mayroong limitadong mapagkukunan (resources) at kinikita (income) ay maaaring makakuha ng Karagdagang Tulong sa mga gastusin—mga buwanang premium, taunang mga kinakaltas, at mga reseta sa co-payment—kaugnay sa isang plano ng Medicare sa de-resetang gamot. Ang Karagdagang Tulong ay tinatantiyang nagkakahalaga ng humigit-kumulang $4,000 bawat taon. Maraming mga tao ang naging karapat-dapat para sa malalaking mga katipirang ito at hindi nila ito alam. Upang malaman kung sila ay karapat-dapat, kailangang malaman ng Social Security ang halaga ng kanilang mga naiipon, mga puhunan, ari-arian (maliban sa kanilang bahay), at ang kanilang kinikita. Kung sila ay kasal at kasalukuyang kasama ang kanilang asawa, kailangan namin ng impormasyon para sa kanilang dalawa.

Para maging karapat-dapat para sa Karagdagang Tulong, sila dapat ay:

- Naninirahan sa isa sa mga 50 Estado o sa Distrito ng Columbia;
- Mayroong mapagkukunan na limitado sa $13,070 para sa isang indibidwal o $26,120 para sa isang mag-asawang kasalukuyang nagsasama. Kabilang sa mga mapagkukunan tulad ng mga account sa bangko, mga sapi/stocks, at mga bond. **Hindi** namin binibilang ang kanilang bahay, sasakyan, at anumang polisa sa seguro (life insurance) bilang mga mapagkukunan; **at**
- Mayroong taunang kinikita na limitado sa $16,755 para sa isang indibidwal o $22,695 para sa isang mag-asawang kasalukuyang nagsasama. Kahit na ang kanilang taunang kinikita ay mas mataas, ang iyong mga minamahal sa buhay ay maaari pa ring makakuha ng tulong. Kabilang sa ilang mga halimbawa kung saan ang kanilang kinikita o ng kanilang asawa ay mas mataas:
  - — Nagsusuporta sa ibang mga miyembro ng pamilya na nakatira sa kanila;
  - — Mayroong mga kinikita mula sa trabaho; o
  - — Naninirahan sa Alaska o Hawaii.

## Paano ako makakatulong sa kanilang mag-apply?

Madali lamang tumulong sa kapwa na mag-apply para sa Karagdagang Tulong. Tulungan lamang silang kumpletuhin ang *'Application for Extra Help with Medicare Prescription Drug Plan Costs'* (Form SSA-1020) ng Social Security. Maaari mo silang tulungan na:

- Mag-apply online sa ***www.socialsecurity.gov/extrahelp***;
- Tumawag sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) upang mag-apply sa pamamagitan ng telepono o humiling ng isang aplikasyon, o
- Mag-apply sa kanilang lokal na tanggapan ng Social Security.

## Ano ang kailangan kong malaman?

Upang matulungan ang mga benepisyaryo ng Medicare na mag-apply para sa Karagdagang Tulong, mayroong worksheet sa kabilang pahina. Ang worksheet ay **hindi** isang aplikasyon, ngunit ang pagsusulat sa mga impormasyon na hinihingi nito ay mas makakapagpadali para makumpleto ang aplikasyon para sa Karagdagang Tulong.

Hilingin sa sinuman na iyong tinutulungan na:

- Tukuyin ang mga bagay na kanilang sariling pag-aari, sa kanilang asawa o sa kaninuman. **Hindi dapat** nila isama ang iyong bahay, mga sasakyan, mga lupang libingan, mga polisa sa seguro, o mga personal na pag-aari.
- Repasuhin ang lahat ng kanilang kinikita.
- Ipunin ang kanilang mga rekord nang mas maaga upang makatipid sa oras.

## Anu-anong mga dokumento ang maaaring makatulong muna sa kanila?

- Mga paglalahad o mga statement na nagpapakita sa kanilang mga balanse sa account at mga bangko, mga credit union, o ibang mga institusyong pampinansyal;
- Mga paglalahad sa pamumuhunan
- Mga sertipikasyon ng sapi (stock certificates);
- Mga tax return;
- Mga sulat ng paggawad ng pensyon; at
- Mga ulat ng payroll.

## Maaari bang tumulong ang mga ahensya ng Estado sa kanilang mga gastusin sa Medicare?

Kapag ang mga benepisyaryo ay mag-a-apply para sa Karagdagang Tulong, maaari rin nilang simulan ang pagproseso ng iyong aplikasyon para sa mga Medicare Savings Program—mga programa ng Estado na nagbibigay ng tulong kasama ang ibang mga gastusin sa Medicare. Ang Social Security ay magpapadala ng impormasyon ng mga benepisyaryo sa kanilang Estado maliban lamang kung sabihin nila sa aplikasyon na huwag padalhan ng impormasyon sa Karagdagang Tulong. Tatawagan ng Estado ang mga benepisyaryo upang tulungan silang mag-apply para sa Medicare Savings Program.

(kabila)

## Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkukuha ng Karagdagang Tulong sa mga gastusin para sa de-resetang gamot sa planong Medicare, bumisita sa ***www.socialsecurity.gov/extrahelp*** o tumawag sa Social Security sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**). Ang mga kinatawan ng Social Security ay palaging naririyan upang tulungang makumpleto ang aplikasyon. Sa lalong madaling panahon na sila ay makapag-apply, mas mabilis silang makatatanggap ng mga benepisyo.

Upang malaman ang higit pang impormasyon tungkol sa mga Medicare Savings Program, ang mga plano ng Medicare sa de-resetang gamot, kung paano mag-enrol sa isang plano, o humiling ng isang kopya ng libreto ng *'Medicare & You'*, mangyaring bumisita sa ***www.medicare.gov*** o tumawag sa **1-800-MEDICARE** (**1-800-633-4227**; TTY **1-877-486-2048**). Ang State Health Insurance Counseling Program (SHIP) ay maaari ring makatulong sagutin ang mga katanungan hinggil sa Medicare. Maaari mong mahanap ang matatawagang impormasyon ng kanilang lokal na SHIP sa likod ng kanilang libreto sa Medicare, sa online sa ***www.medicare.gov*** sa ilalim ng "Help & Support," o maaari kang humiling nito kapag ikaw ay tumawag.

Kailangan namin na malaman ang impormasyon tungkol sa kanilang (at sa kanilang asawa, kung sila ay kasal at nagsasama sa kasalukuyan) mapagkukunan at kinikita:

| Mga Mapagkukunan (Resources) | Halaga |
|---|---|
| Mga account sa bangko, kabilang ang checking, savings at mga sertipikasyon ng deposito | $ ________ |
| Ang mga sapi/stocks, mga bond, mga savings bond, mga mutual fund, mga individual retirement account (IRA), o ibang mga puhunan | $ ________ |
| Pera sa bahay o sa kung saan man | $ ________ |
| Anumang lupa't ari-arian maliban sa kanilang bahay | $ ________ |

| Kinikita (Income) | Buwanang Halaga (Monthly Amount) |
|---|---|
| Mga benepisyo ng Social Security | $ ________ |
| Mga benepisyo sa Railroad Retirement | $ ________ |
| Mga benepisyo sa mga beterano | $ ________ |
| Iba pang mga pensyon o mga taunang kinikita | $ ________ |
| Sustento (Alimony) | $ ________ |
| Kinita mula sa upa | $ ________ |
| Bayad sa mga manggagawa | $ ________ |
| Iba pang mga pinagkikitaan (hal. mga campribado o pang-Estadong bayad sa pagkabalda | $ ________ |

| Kinikita (Income) | Taunang Halaga (Annual Amount) |
|---|---|
| Mga Sahod | $ ________ |
| Mga kinita mula sa sariling trabaho | $ ________ |



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10505-TL
Help Someone Save About $4,000 On Prescription Drug Costs (Tagalog)
March 2012